
Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Mayo 20, 1951






## Halinang Mag-aliw...

pahina 4 — 6

(Mga larawang kuha ni BEN ROXAS)

# Masarap at kasiya-siyang merienda!



Lalo kayong mapapamahal sa mga giliw sa buhay kung sila'y dudulutan ng masasarap at kasiya-siyang "pamatid-gutom"! Opo, pagkaing may kasamang malasa at kagana-ganang STAR Margarine upang ipang-ulam sa tinapay, puto, nilagang camote o gabi! *Maiibigan ng lahat ang STAR Margarine!*
At ang masaganang taglay na bitaminang A at D ng STAR Margarine ay nagbibigay-sigla at lubhang kailangan sa ikalulusog ng lahat. Opo, *ang STAR ay nakapagpapalakas ng katawan!*




*Ang Star Margarine ay nananatiling sariwa at malinamnam sa pangkaraniwang init ng panahon.*




Stars for Flavor!

S41-85


## Ang Pagluluto'y Nakalilibang

**ni PURITA**

Naito ang mga nanalo noong isang linggo sa patimpalak ng Purico ukol sa pagkakaloob ng "mahahalagang kaalaman sa pagluluto":

Ang pagsasama ng biniyak na buto ng baka sa iniluluto ng karne ay nakabubuti sapagka't ang laman ng buto ay nakapagpapasarap at nakapagpapalapot ng sabaw. — Cresenciana S. Bautista, Pagasa, Ubando, Bulakan.

Paghiwahiwain ang "tikoy," ilubog sa binating itlog, bago ipirito sa Purico. — T. A. Mariano, Burgos Elem. School Sta. Mesa, Maynila.

Bumili lamang ng mga bungangkahoy na sariwa, malinis, walang amag at hindi mapakahinog. — Marcos R. Fontanilla 54 Ignacio, Pasay City.

Madaling kaliskisan ang isdang inilubog muna sa mainit na tubig. Mabuti ito sa pag-aalis ng maliliit na kaliskis matapos matanggal ang malalaking kaliskis. — Laureta Antalon, Moncada, Tarlak.

Huwag lalagyan ng mainit na mantika ang mga bote, garapon o ano mang lalagyang kristal. — Tarsila L. Razo, Jimenez, Misamis Occidental.

Ang magugulang na puso ng mais na hindi na masarap ilaga ay maaaring himayin at ang mga butil ay siyang ilaga na may kaunting asin. — Gng. Milagros Liboro, Cebu City.

Sa paggawa ng "pie," ang pantakip sa ibabaw ay kailangang tusukin ng tinidor upang lumabas ang singaw at hindi magkaroon ng putok. — Lourdes S. Oribe, 15 Madrid, Singalong, Maynila.

**Kung may natira kayong puti ng itlog, gamitin ito sa kremang binati o "whipped cream." Gumawa ng merengge sa pamamagitan ng isang puti ng itlog at 2½ kutsarang asukal. Isama ito sa isang tasang binating krema o gatas na malapot. Masarap itong pang-ibabaw sa matamis. — Bb. Teodora Orolfo, Bataan Elem. School, Bataan, Rapu-Rapu, Albay.**


**Ito ang nagtamo ng P10.00 Gantimpala ng Purico: Ang kamote natin dito ay magagamit din sa paggawa ng mga "potato chips" na katulad ng inaangkat sa ibang bansa. Hiwain nang manipis ang kamote at patuyuin sa araw. Piritusin sa Purico at patuyuin sa papel na sumisipsip ng mantika. Budburan ng asin. — Gng. Adela M. Rivera, Panabo, Dabaw.**

## Pag-aaliw Ng Mga Mapanligalig...




Nalathala kamakailan sa pahayagang "The Novedades" Siyudad ng Mehiko, Mehiko.





Nalathala sa pahayagang "The Nashville Tennessean" Nashville Tennessee, Es[illegible]




## Alam Ba Ninyo?



ANG "JAVELIN" (ISANG URI NG MATIGAS NA KAHOY NA HUGIS SIBAT AT MAY HABANG 8½ TALAMPAKAN) AY UNANG GINAMIT BILANG ISANG SANDATA SA DIGMA O PANUDLA NG MABABANGIS NA LOBO AT IBA PANG MALALAKING LARO. ANG PAGHAHAGIS NG "JAVELIN" AY NAPALAHOK SA MGA LARONG OLIMPIYADA NOONG 1908 AT BUHAT NOON AY NAGING ISANG URI NG MARAMING PALIGSAHAN SA PALAKASAN.


**OKLAHOMA A & M**
***basketball type championship shoes***



**Wala na kayo — at ang inyong mga paa — na maiibigan maliban sa isang pares ng nagtatagal na sapatos na gomang JACINTO.** Ang magilas tingnan at mapagtitiwalaang sapatos na gomang ito ay makapagpaparamdam sa inyo ng tila kayo "nasa loob ng tahanan" saan man kayo naroroon: maging sa tanggapan, sa mga larangan ng palakasan, at sa daan.

"UMANGAT SA HANGIN" sa pamamagitan ng isang pares at danasin ang kasiyahan ng "paglalakad sa alapaap!"

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK • TEL. 2-67-67

**"Tena... uminom tayo ng coke! At ang mga lalaking makikita sa itaas ay nagpalipas ng kauhawan sa restawran ng Aristocrat Beach Resort, na nakunan naman agad ng larawan ng mabilis na potograpo ng "BB".**

# Halinang Mag-aliw. .

**(Mga larawang kuha ni BEN ROXAS)**

KUNG MGA ARAW NG LINGGO at iba pang araw ng pamamahinga pagkatapos ng anim na araw ng paggawa, hinahanap ng ating katawan ang marikit at maaliwalas na kapaligirang nakapagdudulot ng aliw at kaginhawahan ng damdamin. At malimit na natatagpuan na lamang natin ang ating sarili sa iba't ibang matulaing pook: katulad sa Sibul, dili kaya'y sa Pagsanjan, Los Banyos, Pandi, Balara, Antipolo, Baclaran Beach, Luneta... at marami pang ibang palipasan ng maliligayang sandali.

Sa kasalukuyan, may isa pang natatanging pook na kawiliwiling pagsadyain upang doon pahirin ang ating mga kapaguran at mga alalahanin sa buhay. **Kung tayo'y naaalinsanganan, kung nais nating makalanghap ng sariwa at malinis na simoy ng hanging nagbubuhat sa dagatan, kung ibig nating maglunoy sa maligamgam na tubig ng malinis na dalampasigan... at kung nais nating magtamasa ng lahat ng aliw na lulunod sa mga suliraning nagpapabigat sa ating isipan, ang lahat ng iyan ay matatagpuan at matatamasa sa "Aristocrat Beach Resort" sa Parañaque, Rizal. Sa tila munting paraisong yaon na kadluan ng kagalakan ng mga kaluluwang naghahanap ng aliw, ay naghihintay sa madla ang mga sandali ng kasiyahan—gaya ng pinatutunayan ng aming pabalat at ng iba pang larawang kalakip nito na kuha ng potograpo ng** *Bagong Buhay!*

*(Tingnan ang pahina 6*



**Walang itinatangi — ang lahat ay malayang nakapapasok sa ABR upang magtamasa ng kaaliwan. Makikita sa larawan ang ilang magkakaibigang Intsik na nagpapalipas ng masasayang sandali sa paglalaro ng "chinese checker."**

# Ang Mga Unang Hakbang



Gaya ng isang sanggol na natututong lumakad, ang mga unang hakbang ay siyang pinakamahirap na gawin. Kailangan ninyong turuan ang bata ng pagtitiwala — sa kapanatagan ng inyong mahahawakang kamay na bihasa.


Ang kapanatagan sa hinaharap sa pamamagitan ng mga naiimpok ay isang suliranin sa marami. Ipinalalagay ng marami na hindi totoong tiyak ang mga unang hakbang. Ang pinakatiyak na paraan upang makapag-impok ay ang pamumuhunan sa mga BONONG R & D. Wala ng ibang lalong mabuting paraan kay sa rito — sa katotohanan, ito ang pinakamabuting paraan. Ligtas ang inyong pinuhunan — pinananagutan ng lahat ng bagay na ari at taglay ng Pilipinas. Nakatutulong kayo sa paghadlang sa pagpintog ng halaga ng salapi at pinananatiling matatag ang kalagayan ng pananalapi ng bayan. Nakatutulong kayo sa pagtutustos ng salapi para sa mahahalagang gawaing pambansa na kinakailangan sa kasaganaan. Saan man ninyo ito suriin ay ang mga BONONG R & D ang siyang pinakamahalagang ingatan — ang mga ito ay nagdudulot sa inyo ng pakinabang na 4 porsiyento na binabayaran tuwing kalahating taon at tinutubos makaraan ang 10 taon.

**Ang mga BONONG R & D ay tinatanggap na panagot sa mga utang; gaya ng deposito sa pag-iingat ng sandatang pumuputok at itinatangi sa pagbabayad ng buwis. Ang mga BONO ay ipinagbibili sa Banko Sentral ng Pilipinas, sa Banko Nasyonal ng Pilipinas (sa mga sangay at tanggapan), sa National City Bank of New York, sa Bank of America, sa Philippine Bank of Commerce at sa Philippine Trust Co.**


## REHABILITATION AND DEVELOPMENT
# BONDS

**Ang lahat ng ninanais ninyong malaman tungkol sa mga BONO ay matatamo kung hihingin ang mga ito. Sumulat sa SECURITIES MARKET DEPARTMENT, Banko Sentral ng Pilipinas, Maynila, upang magtamo ng WALANG BAYAD NA POLYETO ukol sa mga BONO.**

# Halinang Mag-aliw . . . (karugtong)




Hummm! hummm! Kung may buhay lamang ang mga tanikalang iyan, disi'y kusa nang pumulupot sa tatlong dilag upang huwag nang matanggal sa duyan at di na malayo kailanman! Ang tatlong binibini'y sina Myrna Bernabe, Lilian Soliven at Ruth Perez na nagsihanap naman ng kasiyahan ng sarili sa pagduruyan sa isang panig ng ABR.




Mapapalad ang tatlong "bagongtaong" kapiling ng mga kagandahang iyan, hane po? Nguni't lalo namang mapalad si BR at ang kanyang kamera na siyang kumuha ng kanilang larawan. Ang magkakaibigan ay makikitang nagpapahinga sa isang maliit na tulay sa ABR pagkatapos magsipaglaro ng "badminton."



Pakinggan sina Pugo at Togo sa "E dong Mapangarap" sa DZFM tuwing Martes mula sa ika-8:00 hanggang 8:30 P.M.
at
"Mga Kuwento ni Lola Basyang" s a DZPI tuwing Biernes mula sa ika-8:00 hanggang 8:30 p.m.



Mga pelikerong kutong-lupa. . . ! Maging ang mga musmos na iyan ay pawang nasisiyahan sa kanilang pag-aaliw sa ABR. Kung ano ang tinititigan ng pinakamaliit at ng isa pang nakatingin sa dakong kaliwa? Walang iba kundi ang mga dalagang nakadamit-pampaligo na makikita sa ibaba. At wari'y ibinubulong nila: "Sayang at hindi pa kami binata, sana'y...!"





Si Bb. Teddy Reyes (kaliwa) at Bb. Anita Moran (kanan) na nagpapalipas naman ng alinsangan sa "swimming pool." Buong-puso at nakangiting napakuha sila ng larawan.

# Hinihintay Kita...

Kuwento ni JOSE CANOY CRISTOBAL

MABIBIHIRA ANG MGA KALULUWANG TAPAT SA KANILANG SINUMPAANG PAG-IBIG — KATULAD NG PANGUNAHING TAUHAN SA KUWENTONG ITO NA NANATILING DAKILA AT DI NAGMAMALIW

HINDI. Hindi mo ako masisisi. Hindi ako nagkulang nang pagpapaalala sa iyo. Nasabi ko na sa iyo sa mula't mula pa ang mga bagay na balang araw ay maisusumbat mo sa akin, ang mga kapintasang maisusurot mo pagkatapos. At kung ako man ay may pagkukulang na nagawa, yaon ay walang iba kundi ang pagiging matapat. Matapat sa pagsasabi sa iyo nang katotohanan.

—Huwag ka nang magpumilit, Ernesto. Sa iba mo na iukol ang iyong pag-ibig.

Gayon ang payo ko sa iyo nang ikaw ay unang magtangkang magpahayag sa akin nang iyong niloloob. Nguni't, ayaw kang pasawata. Hindi sapat ang iyong narinig upang mawalan ka nang pagasa. Hindi ka rin naghinto sa iyong nilalayon. Saan man ako paroon ay lagi kang sumusunod. Bulong nang bulong. Hindi mo na inalagata ang iyong katayuan, ang maaaring sabihin ng mga makakakita. Kahit umuulan ay natitiis mong maghintay sa lansangan, masabayan mo lamang ako sa paglakad. Ang hamog at lamig sa hating-gabi ay iyong nababata, pagbuksan lamang ng aming durungawan. Hindi ka naglubay sa pagdalaw sa aming tahanan. Araw-araw halos ay panauhin ka naming mag-anak.

—Ebeng, ikaw ay mahabag... Maawa ka sa akin!

Ganyan ang sa tuwina'y iyong inihihibik, isinasamo. Tila baga wala akong puso, hindi maalam mahabag. Tila isang malupit na diyosang labis kung magpahirap, magparusa. Ernesto, ako ay iyong pinararatangan...

—Nguni't ako ay mamamatay! Hindi ako maaaring mabuhay at matahimik kung di ikaw ang kapiling... Ebeng, kailan mo ako lilingapin?

Ako pa kaya ay makatututol? May kaluluwa pa kayang higit na luluha at magdaramdam kung ikaw ay mapanganyaya? Mapalugami? Hindi, Ernesto. Kailanman ay hindi ko matitiis na makitang ikaw ay isang sawi.

At tayo ay nagtanan sa malabis na pagtutol ng aking mga magulang. Pikit-mata akong sumama sa iyo. Pinawalang saysay ang kanilang mga paalala, pagunita. Wala akong tanging nasa kundi ang ikaw ay lumigaya. Mabuhay nang tahimik at payapa.

Sa iyong pagpupumilit, tayo ay nag-isang dibdib. Natupad din ang iyong minimithi. Sa isang katamtamang tahanan sa lunsod tayo nagtuloy matapos papag-isahing puso. Doon natin idinambana ang pugad ng ating pagmamahalang malaon nang pinanga-pangarap. Iniakyat mo ako sa lipunang iyong kinabibilangan at pilit na pinapaniwalang higit na karapatdapat kaysa sinumang babaing iyong nakadaup-palad. Oh, Ernesto, anong ligaya ko noon! Hindi ko halos ibig maniwala.


Subali't, may pag-iibigan kayang hindi pinapag-ulap ng mga pangyayari? May matimyas kayang pagmamahalang hindi biniro ng tadhana? Ang lahat ay may wakas. At... ang wakas na yaon ang labis kong pinangangambahan.

Ang iyong kamalian ay unti-unti mong nakilala. Unti-unting naliwanagan ang nabulagan mong isipan. Sa harap ng isang maganda at nakahahalinang kolehiyala ay napansin mo at napagkilala ang malaking agwat na nasa pagitan nating dalawa. Ang aking kapintasan ay isa-isa mong nakita. Ngayon mo nalaman na ako ay isang maralita, probinsiyana at hindi maalam nang wikang dayuhan. Nabuhay sa sariling pagod at sumala't dili sa oras. Maipagmamalaki mo nga ba akong lubos sa balana? Ah, kaipala nga ay hindi. Wala sa aking katauhan ang mga katangiang angkop na angkop at sukat sa iyong mataas na katayuan, sa iyong kalagayan sa lipunan.

—Mabuti pa siya! Maalam magsalita nang inglis. Hindi mahiyaing katulad mo. Minsan ay nasabi mo sa akin.

Tama. Siya nga ay iyong maipagmamalaki at lubos na maipagkakapuri. Maganda siyang tulad nang bituin. Mabangong tulad nang bulaklak. Matalino siya at buhat pa sa mayamang angkan. Malaki, malaki ang aming pagkakaiba. Taglay niyang lahat ang katangiang ibiniyaya ni Bathala

(Buklatin sa pahina 13)


Kalugudlugod na paglilingkod... Magiginhawang upuang "deluxe"... mabuting paglalakbay sa itaas ng init at alikabok sa loob ng mabilis at mapagtitiwalaang Douglas DC-3's.

Lumilipad ng 42 ulit araw-araw sa buong kapuluang Pilipinas.

Magpalaan sa inyong ahente sa paglalakbay o sa pinakamalapit na tanggapan ng PAL.

PHILIPPINE AIR LINES
ROUTE OF THE Orient Star

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

TUNT. 7. Bagaman may mga kabawalan at katakdaang nasasaad sa Saligang-Batas na ito; datapwa, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas ay maaaring makipagkayari sa alin mang bansang banyaga sa pagpapagamit ng mga likas na kayamanan at pagpapalakad ng mga kagamitang-bayan, at ang nasabing pakikipagkayari'y mananatili lamang hanggang tumatagal ang Digmaan sa Lalong Malaking Silangang-Asya. Ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas ay makikipag-unawaan din naman hinggil sa ikaaayos at ikalulutas ng mga suliranin sa mga katwiran ng pagmamay-ari o sa mga tanging karapatan, na maaaring natamo o pinanghahawakan, sapul nang magsimula ang Digmaan ng Lalong Malaking Silangang-Asya, ng mga ito o mga samahang di tinutulutang magtamo ng gayong pag-aari at tanging karapatan sa ilalim ng mga tadhana ng Saligang-Batas na ito.

TUNT. 8. Ang mga panlahat at tanging karapatan sa alin man ariarian ng sino mang tao, samahan o kapisanan, sapul nang magsimula ang Digmaan sa Lalong Malaking Silangang-Asya, ay aayusin at tutuusin pagkatapos ng nasabing digma.

TUNT. 9. Ang mga tadhana ng Saligang-Batas na ito, matangi ang mga nasa-Pangkat na ito at yaong mga tumutukoy sa paghahalal at katangian ng mga pinunong halalin sa bisa ng Saligang-Batas na ito rin, ay di magkakabisa hanggang di napasisinayaan ang Republika ng Pilipinas.

PANGKAT XII. — MGA TANGING TADHANA

TUNTUNING 1. Sa loob ng isang taon pagkatapos ng Digmaan ng Lalong Malaking Silangang-Asya, ang Kapulungang Pambansa ay magbabatas ng isang halalang pangmadlang mamamayan ng mga kinatawan sa Kapulungang Pansaligang-Batas, na magtitipon sa loob ng taning na di-kukulangin sa animnapung araw pagkatapos na sila'y mangahalal, upang bumalangkas at magpatibay ng isang bagong Saligang-Batas na magkakabisa matapos pagtibayin ng sambayanan sa pamamagitan ng isang plebisitong idaraos sa bagay na ito. Pagkatapos ng gayong pagpapatibay, ang Kapulungang Pambansa ay magtatadhana pagdaka ng isang halalan ng mga pinunong ipinahahalal ng bagong Saligang-Batas at ng pagpapasinaya sa Pamahalaang sa bisa nito'y itatatag.

JOSE P. LAUREL
Pangulo

Ramon Avanceña
Unang Pangalawang Pangulo

Benigno S. Aquino
Ikalawang Pangalawang Pangulo

JORGE B. VARGAS
TEOFILO SISON
CLARO M. RECTO
ANTONIO DE LAS ALAS
RAFAEL R. ALUNAN
QUINTIN PAREDES
JOSE YULO
MIGUEL UNSON
VICENTE MADRIGAL
EMILIANO T. TIRONA
PEDRO SABIDO
EMILIO AGUINALDO
CAMILO OSIAS
MANUEL C. BRIONES
MANUEL A. ROXAS
MELENCIO ARRANZ
ALAOYA ALONTO SULTAN SA RAMAIN
Mga Kagawad

Pinatutunayan ko na ang nasa-itaas na Saligang-Batas ng Republika ng Pilipinas ay tinanggap at pinagtibay ng Lupon sa Paghahanda ng Kasarinlan ng Pilipinas sa kaniyang pulong na dinaluhan ng lahat ng Kagawad at idinaos sa Lunsod ng Maynila, Pilipinas, nang ikatlong araw ng Setyembre, taong sanlibo siyam na raan apatnapu't tatlo.

PROCESO E. SEBASTIAN
Kalihim Tagapagpaganap

Sabay sa pagkakalathala ng Saligang Batas, na si G. Laurel, Pangulo ng Lupon at sinasabing siya na ring magiging Pangulo ng Pamahalaang mapapatayo, ay nagpalathala naman ng isa niyang sariling pahayag sa hangad na agad daw maunawaan ng mamamayan ang mga kapakinabangang tatamuhin. Ang kanyang pahayag ay ito:

"Natapos ng Lupon sa Paghahanda ng Kasarinlan ng Pilipinas ang pagbalangkas sa Saligang-Batas ukol sa Republika ng Pilipinas. Ginampanan ng kaniyang mga kagawad ang kanilang gawain sa gitna ng mga di-pangkaraniwang pangyayari at kalagayan. Sa isang panig, ang Lupon ay napaharap sa pangangailangang ilagda ang Saligang-batas sa lalong maaga upang huwag mabalam, kahi't sa isang araw, ang pagpapahayag sa pagsasarili at ang pagtatatag ng isang pamahalaang sasagisag sa niloloob, sa pamantungan sa kapamayanán at sa karanasan ng bayang Pilipino. Sa kabilang dako, ang kalagayang namamayani sa maraming panig ng bansa, lalo na ang kalagayan ng kapayapaan at kaayusan sa ilang lalawigan, ay nakahahadlang sa pagpapatibay ng isang bagay na sa karaniwang panahon ay magaang na nailagda.

"Sa pagbalangkas sa Saligang-batas ay kinailangang isaalang-alang ang mga katotohanan, hindi ang mga palagay. Ang nakagagalak na pamalit ay hindi matagpuan sa sinapupunan ng mga haka. Dahil dito ay walang inilakip na tadhana ukol sa paghahalal na panglahat; ang Pangulo ay ihahalal ng nakararami sa lahat ng kagawad ng Kapulungang Pambansa na pipiliin naman sa paraang itinatadhana ng batas. Hindi maaaring makapagdaos ng mga halalang pambayan ukol sa layuning iyan dahil sa maligalig na kalagayang naghahari pa sa iba't ibang pook ng bansa at sa kawalan ng sapat na mga pamamaraan sa pahatiran at sasakyan.

"Sa malawak at natitipong mga kapangyarihan na ipinataw ng Saligang-batas sa Pangulo ng Republika ay halos hin-

di kailangan ang ano mang paliwanag. Sa pag-uugnay-ugnay ng mga kapangyarihan sa pamamahala ay kailangan, sa uri ng mga bagay, na magtadhana ng isang panggitnang pananagutan. Ang panggitnang iyan ay mangyari pang dapat na malagak sa Tagapagpaganap, lalo na sa panahon ng digmaan o ng kagipitang pambansa. Ang pagsasanib sa pananagutan na bunga ng maluwag na pagsasama-sama sa kapangyarihan sa pangangasiwa sa mga suliranin ng bansa, sa maselang na panahong ito, ay isa sa mga namamayaning simulain ng bagong Saligang-batas. Ang pamantungang ito'y hindi bago, sapagka't maging sa tinatawag na mga bansang lalong demokratiko sa daigdig, ang tungkulin ng Pununong-Tagapagpagpanap ay nagiging halos diktatoryal sa uri kung hinihingi ng mga di-pangkaraniwang pangyayari o ng mga suliranin o kagipitang pambansa.

"Ang Saligang-batas ay ukol sa panahong itatagal ng digmaan. Makaraan ito, ang bayan ay magkakaroon ng pagkakataon, sa pamamagitan ng mga inihalal nilang kinatawan, upang bumalangkas ng ibang Saligang-batas. Dahil dito ay ginawang uring pansamantala ang Saligang-batas, sa layuning matugunan ang mga hinihingi ng kasalukuyang katayuan.

"Itinatadhana ng Saligang-batas ang isang pamahalaang republikano. Ang mga karapatang pansarili ay pinangangalagaang mabuti. Ang buhay, kalayaan o ariarian ay hindi maaaring makuha nang walang paglilitis sa ilalim ng batas. Nananatiling hindi nababago ang pananagutan sa mga kasunduan. Ang kalayaan sa pagsamba, sa pagsasalita at sa paglalathala, at ang karapatan ng bayan upang mapayapang makapagtipon at makahiling sa pamahalaan upang lunasan ang mga karaingan ay kinikilala at iginagalang, sa ilalim ng mga karaniwang paghihigpit na maaaring ipataw ng batas sa kapakanán ng kapayapaan, mabuting asal, kalusugan, kaligtasan o kapanatagang pangmadla. Bukod sa taglay ng Saligang -batas ang lahat ng kailangan ukol sa pagkalinga sa mga karapatang pansarili ay angkin pa nito ang katotohanan na hindi nito kinaligtaan ang nauukol sa mga tungkulin at pananagutan ng mga mamamayan.

Ginawang karaniwan ang tuntunin sa pagka-mamamayan sa pamamagitan ng di-paglalakip sa mga tadhana na dapat ipaubaya sa karaniwang pagbabatas, na ang mahigpit na uri ay napatunayan sa nakaraan, na di makatarungan. Gayon din, ang tuntunin sa karapatan sa paghahalal ay isinaisang-tabi, sapagka't ang paglalakip sa mga katangian ng mga manghahalal sa Saligang-batas, sa halip na ipaubaya ito sa pagbabago ng Batasan nang naaalinsunod sa mga pabagubagong kalagayan, ay magiging sanhi upang ang mga tadhana ay maging mahigpit at di-tiyak. Dahil din sa hakbang na ito ay kinailangan ang pagpawi sa komisyon ng Halalan bilang isang lupong nakatatag nang alinsunod sa Saligang-batas. Ang bisa ng pagbabagong ito ay hindi upang baguhin ang kasalukuyang Batas sa Halalan kundi ipaubaya lamang ang suliraning ito sa Batasan. Sa halip na lumikha ng isang hiwalay na Komisyon sa Halalan na may kapangyarihang magpasiya sa mga suliraning may kinalaman sa mga ulat sa halalan at sa mga katangian ng mga kagawad ng Kapulungang Pambansa, ang kapangyarihang ito ay inililipat sa Kapulungang Pambansa.

"Pinapanatili ang kalayaan ng hukuman. Ang kapangyarihan sa paggawa ng tuntunin ay itiniwala sa Ktt. Hukuman lamang at ang Kapulungang Pambansa ay pinagkaitan ng Kapangyarihan na magpawalang-saysay, bumago o magsusog sa mga tuntuning sumasaklaw sa mga kahilingan, kaugalian at pamamaraan at sa pagtanggap ng mga magkakaroon ng karapatang makapagtanggol sa Pilipinas. Ang hinihinging gulang sa pamamahinga ng mga kagawad ng Ktt. Hukuman ay pinawi. Pinapanatili ang kapangyarihan ng Ktt. Hukuman na makapagpasiya hinggil sa di-pagka-alinsunod sa Saligang-batas ng ng mga batas, bagama't hinihingi ang buong pagkakaisang paggamit sa kapangyarihang ito. Dahil dito, ang sandi ng mga karapatang pansarili ay inilakip sa bagong Saligang-batas.

"Ang pag-uusig (impeachment) sa Pangulo ay itinatadhana bilang isang tagapangalaga sa ilalim ng Saligang-batas, at ang kapangyarihang ito ay ipinagkakaloob sa Kapulungang Pambansa at ang kapangyarihan sa paglilitis dito ay ipinagkakatiwala sa Ktt. Hukuman sa ilalim ng mga palakad na itinatadhana.

"Ang mga tuntunin ukol sa Tanggapan ng Auditorya at ng Serbisiyo Sibil ay ginawang karaniwan at inilakip sa tuntunin ng mga Tadhanang Panlahat; ang pinakamahalaga ay ang pagpapatibay na ang Tagalog ay siyang wikang pambansa, at ang tadhana ukol sa walang bayad na pag-aaral sa elementarya sa halip ng sa pagtuturong primarya lamang. Ang mga tadhana hinggil sa pangangalaga at paggamit sa mga likas na kayamanan ay pinapamalaging hindi nababago. Ang mga ito at ang mga iba pang pagbabago sa Saligang-batas na inaakala ng ating bayan na lalong naangkop sa kanilang mga pangangailangan at lalong makapagdudulot sa kanila ng kaligayahan, ay inilakip sa bagong Saligang-batas.

"Bukod dito, inihahandog ng bagong Saligang-batas ang sumusunod na mga katangian:

"(1) Manunumpa kami ng pagtatapat sa aming pamahalaan at sa aming Saligang-batas at hindi na sa Saligang-batas ng Estados Unidos o ng alin mang ibang bansang dayuhan.

"(2) Ilang kapangyarihan ng Batasan, tulad ng nauukol sa pananalapi, salapi, mga pag-angkat, mga pagluluwas, o pandarayuhan ay hindi sasailalim ng Estados Unidos o ng alin mang ibang bansang dayuhan, nguni't maaaring maging paksa ng kasunduan.

"(3) Ang ating mga suliraning panlabas ay hindi sasailalim ng pangangasiwa o kapangyarihan ng alinmang bansang dayuhan.

"(4) Ang mga batas ng ating Kapulungang Pambansa ay hindi na kailangang ipatalastas sa Kongreso ng Estdos Unidos o sa alin mang ibang bansang dayuhan, at hindi rin inaatasan ang Pangulo na isulit ang mga palakad at ginagawa ng ating pamahalaan sa alin mang kapangyarihang dayuhan.

"(5) Ang mga pasiya ng ating Ktt. Hukuman ay hindi sasailalim ng pagsusuri ng Ktt. Hukuman ng alin mang ibang bansa, at ang pagsiya man ng ating Auditor Heneral ay hindi mapaghahabol sa isang kapangyarihang dayuhan.

"(6) Hindi tayo magkakaroon ng Komisyonado kundi mga embahador at mga iba pang ministrong diplomatiko na nakaugnay sa Republika ng Pilipinas, bilang kapalit ng mga embahador at mga ibang ministrong diplomatiko na ipadadala natin sa mga ibang bansa.

"(7) Ang mga susog sa ating Saligang-batas ay hindi na isasailalim ng pagpapatibay ng Pangulo ng Estados Unidos na gaya ng dati, o ng alin mang ibang kapangyarihang dayuhan.

"(8) Ang ating mga lakas na sandatahan ay hindi tatawagin sa paglilingkod ng isang bansang dayuhan, at ang alin mang ibang bansa ay hindi makapaglalagay ng ano mang reserba militar o ano mang reserba, gayon din ng mga hukbong sandatahan sa ating lupain nang wala tayong pagsang-ayon.

"(9) Hindi kinikilala ng ating Saligang-batas ang karapatan ng alin mang bansang dayuhan na makialam sa ating pamahalaan o mapigil ang pagkakabisa o pag-iral ng ano mang batas, kasunduan o kautusang tagapagpaganap ng ating pamahalaan.

"(10) Ang ating bandila ay iwawagayway na nag-iisa—hindi na katabi ng bandila ng Estados Unidos o ng alin mang ibang watawat.

(Buklatin sa pahina 12)



Santos Ocampo Laboratories—176 Gomez, Addition Hills, San Juan, Rizal

HINDI PO... hindi ako ang pumatay! —matatag na sagot ni Luis Mercado sa piskal na tagausig.

Nang mga sandaling yaon nang paglilitis sa kasalanang pagpatay, pinapawisan ng malamig ang buong katawan ni Luis. Nanlalalim ang kanyang mga mata, dahil sa hindi pagtulog. Nakukulong siyang pansamantala dahil sa bintang na siya ang pumatay sa magandang si Brunilda Kamansing, maybahay ng mayamang si Don Justo E. Camarin.

—Nakikilala mo ba ang lalaking nasasakdal? —ang sumunod na tinanong ng piskal ay si Rosa, ang utusang babae sa bahay ni Don Justo, matapos na ito ay sumumpang magsasabi ng totoo.

—Namumukhaan ko po...

—Bakit mo namumukhaan? —ang ulit ng piskal. —Madalas mo ba siyang makita?

—Madalas po siyang magpunta sa bahay ni Don Justo at nakikipag-usap sa aming senyorita.

Samantala, sa unang hanay ng mga upuan ay naroon si Don Justo. Nakasuut sa kanya ang isang mahal na ternong itim. Luksang-luksa ang matandang mayaman, dahil sa isang linggo yuhan ang anak na si Nilda nang inaakala niyang hindi siya makaliligtas sa sakit na yaon, —kay Don Justo ka lalapit. Saka... huwag mo sanang lilimutin ang lihim na ipinagtapat ko sa iyo. Ikaw na ang bahala sa 'kanya' at patawarin mo ako sa mga pagkukulang na aking nagawa!

—Wala kayong dapat alalahanin, tatay... —anang butihing si Nilda, —nalalaman kong ang lahat—lahat ng tinatamasa ko at tatamasahin pa sa aking buhay ay utang ko sa inyo!

Si Don Justo ang namahala sa magarang libing ni Don Julian. Walong buwan lamang ang nakaraan, si Nilda ay nakasal kay Don Justo. Ganoon na ang minarapat niyang gawin upang mailigtas ang pangalan ng kanyang ama. Hindi niya pinansin ang malaking agwat ng kanilang gulang, dahil sa hangad na makanlong sa madla ang malungkot na pagkahapay ng kalakal ni Don Julian. Yaring-yari na sa kanyang isip ang pagtupad sa mga bilin ng yumao niyang ama, noong bago mamatay.

—Nang umagang maganap ang patayan, saan ka naroon? —ang usisa ng piskal sa utusang si Rosa.

## paalam, sa kudyapi . . .

—i.

sa pag-iisa ko,
kung gabing payapa
ang aking paligid
at kaukausap ang katahimikan—
gunita sa iyo,
o, nagtampong tuwa
ay dagling guguhit
sa nangangarap kong matampubing gunam....!

—ii.

sa pakpak ng hangin,
ang kaakuhan ko
ay makikilulan na panggabing ibon;
dadalaw sa iyo,
ayaw mong pansinin...
—o, langit! pagbuksan ang nakikituloy
na puso't damdaming
tinatawagan na nang ibang panahon...!

—iii.

...at ikaw'y taginting
ng kaligayahang
dagling magmamaliw...
ako...oo...ako'y
ibon nang darapo sa dating hantungang
malungkot na libing...
kudyapi'y paalam
na ako sa iyo...!

—naning santos cruz

# Walang Kasalanan

## Kuwento ni HILARIA LABOG

lamang nalilibing ang batang-bata at maganda niyang kabiyak ng dibdib na si Brunilda Kamansing Camarin.

Limampu at limang taon na si Don Justo nang ihatid sa harap ng dambana ang marilag na si Brunildang anak ng yumaong mangangalakal na si Don Julian Kamansing. Sina Don Justo at Don Julian ay magkaibigan. Kapuwa sila may sariling bahay-kalakal. Samantalang matipid at maingat si Don Justo, si Don Julian naman ay naging paladalo sa mga sugalan at nahumaling sa mga babae, kaya bago siya namatay, natiyak ng kahabaghabag na matanda, na maiiwan niya sa karalitaan ang anak na dalaga.

—Iha, kung kakailanganin mo ang tulong... —hindi nakatiis si Don Julian ay napapagpa-

—Naroon po sa kusina at nagluluto.

—Nang umagang yaon, nakita mo bang nagpunta sa inyo ang lalaking nasasakdal?

—Opo, natanaw kong nag-uusap sila ng senyorita ko doon sa bulwagan.

—Anong oras noon, natatandaan mo ba?

—Nasa pagitan po ng ika-siyam at ika-sampu.

—Anong oras nanaog ang lalaking nasasakdal?

—Hindi ko na po nakita nang siya ay manaog.

Ang matatag na kasagutang iyan ng utusan ni Don Justo ay nagpasigla sa kanyang pananalig na mapaparusahan din ang lalaking pumuti sa buhay ng maganda niyang asawang napatay sa gulang na dalawampu at limang taon lamang. Dahil sa matibay niyang pananalig na mapaparusahan ang salarin, kung kaya nagniningning ang kanyang mga mata sa pakikinig at maminsanminsan ay namimilaylay sa mamad niyang mga labi ang ngiti ng kasiyahan. Ang sumunod na tinawag ng piskal ay ang hardinero ni Don Justo.

—Nang araw na maganap ang krimen, saan ka naroon? —ang tanong ng piskal.

—Nagdidilig po ako ng mga halaman.

—Ano ang napansin mong kaibang pangyayaring naganap sa inyong tahanan nang araw na yaon?

—Wala po, kundi nang dumating si Don Justo at sigawan ako ni Rosa. Pagpanhik ko'y itinuro niya sa akin ang katawan ng aming senyoritang nakahiga sa katre at naliligo sa sariling dugo.

—Anong oras nang dumating noon si Don Justo?

—Bago po tumugtog ang ikalabingdalawa.

—Talaga bang sa ganoong oras dumarating ang inyong panginoon?

—Wala pong tiyak na oras ang dating sa bahay ni Don Justo, sapagkat sila po ang amo sa kanyang bahay-kalakal.

—Bago nangyari ang krimen wala kang nakitang taong aaligid sa inyong bahay?

—Noong mga araw pong nagdaan, mayroon akong napapansing tatapat-tapat sa aming bahay.

—Narito ba sa silid na ito ang taong iyon?

—Ang nasasakdal po, ginoong piskal.

—Ano ang mga kilos na ka-

(Buklatin sa pahina 12)

MUNTIK NANG MALINLANG ANG BATAS NG ISANG MATALINONG SALARIN... SALAMAT AT SA WAKAS AY SUMIGAW ANG KATOTOHANAN AT NALIGTAS ANG INUUSIG NA WALANG KASALANAN

# Maaliwalas Na Ang LANGIT

**Kuwento ni ALFONSO IGNACIO PAGADUAN**

**MAY PANGANIB NA NAG-AABANG SA BUHAY NG MAGSINGGILIW DAHIL SA ISANG TAONG LIHIM NA NANGINGIMBULO SA KANILANG KAPALARAN**

"ISINUSUMPA ko sa ngalan ng aking pagkalalaki na may malubhang mangyayari bago sila magkatuluyan. Hindi na ninyo ipagtatanong kung sino si Senciong Utas. Alin man sa aming dalawa ni Deyong ang kailangáng mawalá sa landas ni Nely. Kung siya man ay lalaki, lalong higit akong lalaking nahahandáng makipagharap sa kanya. Talagang hindi ko mapapayagang mapasaibang kamay ang babaing pinakaiibig ko sa ibabaw ng lupa!" Ganyan ang pabalita ni Sencio sa buong nayon nang sumakaalaman niyang ang puso ng babaing katimbang ng daigdig sá kanyáng buhay ay pag-aari na ng lalaking lalong mapalád, si Deyong na siyang mahigpit niyang kaagaw.

Ang gayo'y madaling sumakaalaman ni Nely. Lalo náng nasindák ang kanyáng puso sa pamalitáng iyon ng lalaking kailán mán ay talagáng hindi nagkapitak sa kanyang damdamin. Sadyang may takot na siyá kay Sencio mula pa noong pagbántaan siyang yakapin nito maging sa haráp ni Deyong at ng kanyang mgá magulang. Hindi na niya ipagtatanóng ang maitim na katauhán ng binata. Ginagáwá niyon ang bawa't sabihin, na kadalasa'y pawang kaimbihan.

Hindi mapanatag ang loob ni Nely. Alalang-alala niya si Deyong. Mahal na mahal niya ang binata. Ang kasawián nito ay kamatayán na rin niyá.

"Huwag kang matakot, mahál ko. Ipayapa mo ang iyong loob. Hindi pinahihintulutan ng Diyos na makapangibabaw ang hamak na kapangyarihan. At kung sakasakali mán ay ako ang bahalá sa kanya," ang pagpapalakás ng loob na turing ni Deyong isáng hapong dumaláw siyá sa kasintahan.

"Deyong... ang ibig ko sana, upáng maiwasan na natin ang ano máng ibubungá ng paghihiganti ni Sencio ay. "

Naunawáán naman agad ni Deyong ang nais ipahiwatig nito.

'Ah... oo, Nely. Kahit kailán mo naisin. Kahit ngayon, kahit ngayon, Nely..."

"Nguni't, paano ang ating mga magulang? Kailangáng silá man ay nagkakaunáwaan din tungkol sa atin. Kailangán natin ang kaniláng ganáp na pagsang-ayon upáng maging lubos ang ating tatamuhing kaligáyahán."

"Bayáán mo, Nely. Sa lalong madaling panahon ay matutupád ang ating pangaráp."

Sa ikatutupad ng kaniláng mithiin ay hiniling ni Deyong sa kanyáng mga magulang na mamanhik na sa mgá magulang ng kanyáng katipán nang gabi ring iyon.

Kasamá ang kanyáng Tata Biyo, ang amá ni Deyong ay namánhik nga sá mga magulang ng dalagá.

At noon ding gabing iyon ng pamanhikán ay itinakdá ang araw ng kasál ng dalawa. Pagbibilog ng buwan ay pagbubuhulin na ang kanilang mga palad.

Araw na lamang ang hinihintay. Umiindak sa galak ang puso nina Deyong at Nely. Para kay Deyong ay siyá na ang pinakamapalád na nilikhá ng Diyos. At pará kay Nely naman, siyá na áng pinakamaligayáng babae sa tanang anak ni Eba.

At upang maging angat sa buong nayon ang gaganaping kásalan, ang lahat halos ng mga malapit na kamag-anak ni Deyong ay nagbigáy ng abuloy kahit páano. May nagbigay ng baboy, ng mga manok at bibi, mgá panangkap, bukod pa ang isáng kalabaw at isáng baka na talagáng inihandá.

Ang damit-pangkasál na nagkakahalagá ng dalawang daan at limampung piso ay regalo naman ng kanyang aleng modista sa Maynila.

---

LIMANG araw pá ang paraáánin bago sumapit ang kaarawán ng kasal ay sinimulán na ng mga pinsang dalaga ni Deyong ang pag-aayos sa tahanan nina Nely upáng hindi raw maging kahiyáhiyá sa mga magiging panauhin, gáyon din sa dalagá, sapagka't doon gaganapin ang paghahandá. May naglalampaso ng sahig na gayong maáari náng panalaminan ay hindi pa rin nilulubayán ng kapapahid ng *floor wax* at kabunot. May nag-iisis ng mga pasamano, silya at lamesa. May nagkakabit ng magagandang kurtina at palamuti. At habáng silá ay masigláng gumagawá ay namamaibabaw naman ang mgá tuksuhan. At kadalasán ay si Nely ang nagiging tampulán ng mgá nakakikiliting panunuksong yaon.

Sa ibaba, ang mgá binata ay nagsimulá na ring magtayo ng mgá damarang gagawing kainan na yári sa kawayán at pinagsanib-sanib na dahon ng niyog. Sa kaniláng umpukán ay mayroon ding sariling paksa ng pagbibiruan na sadyáng ipinaririnig sa mgá dalagáng nasa itaas at pagkatapos ay susundán ng malalakás na halakhak. .

Masayá si Deyong sapagka't ilang araw ná lamáng at maisasakatupárán na rin ang pangákong langit sa dalagáng iniibig. At higit sa lahat ay mailalayo na niyá sa mapanganib na si Sencio ang kasintahán.

Ang halagáng naimpok ni Deyong sa loob ng tatlong taong pagsasaká at pagbababoy áy inilaláán niyá sa kaniláng pagharap ni Nely sa magaling. Nakahandá rin ang malaki-laki rin namáng halagáng naialkansiya ng kanyang ina mula noong siyá ay nagbibinata pa lamang. Ano pa't talagang *grande* ang kasaláng iyon.

Sunud-sunod ang mga pagbating tinatanggap ni Deyong mula sa kanilang mga kaibigán. Kainggit-inggit nga naman ang kanyang kapalarán.

Nguni't, sá kabilá ng lahat ng iyán, ay tanging iisá nga lamáng ang masakit ang loob sa kapaláráng iyon ni Deyong. At yaon ay si Sencio na naghihintay lamang ng pagkakataong maisakatuparan ang kanyang balák

(Buklatin sa pahina 13)



## Hinihintay Kita

(Karugtong ng nasa pabina 7)

at pinapangarap ng bawa't nilalang. Walang pusong sa kanya ay hindi maaakit, walang hindi mangangayupapa. May sapat na katwiran ka upang sa kanya ay mabaliw, ganap na marahuyo.

—Huwag mo akong panghimasukan! Talos ko ang aking mga ginagawa... —ang wika mo naman, isang araw.

Dahil sa kanya ay nawala ang iyong pamimitagan sa akin. Ayaw mo na akong dinggin. Wala nang halaga sa iyo ang bawa't sabihin ko. Kinamumuhian mong labis ang aking pag-aalaala. Hindi ka na tulad nang dating magiliw sa pakikitungo. Oo, Ernesto. Hindi mo na maililihim ang katotohanan. Kabagut-bagot na sa ganang iyo ang pananatili sa aking piling.

—Huwag mo akong hihintayin!

Iyan ang huling pangungusap na aking narinig buhat sa iyo. Tila ka pa nagalit nang ako ay datnan mong naghihintay sa durungawan sa iyong pagdatal. Ang maiinit na halik na iyong ipinasasalubong sa tuwina ay hindi ko na nadarama. Ibang-iba ka na nga, Ernesto. Ibang-iba na!

At hindi nagluwat ay tuluyan ka nang hindi sumipot sa ating tahanan. Nabalisa ako. Tinangka kong ikaw ay paghanapin, ipagbigay-alam sa mga maykapangyarihan sa pag-aalalang baka ikaw ay napahamak. Datapuwa't, matapos makapagdili-dili, naisip kong kalalabisan ang gagawin. Sinapantaha kong ang hindi mo pagdating ay may sapat na dahilan. Siya marahil ang sanhi, ang iyong bagong kakilala. At ang bagay na iyan ay aking napatunayan makalipas ng ilang araw. Isang kaibigan ang nagsabi sa akin na kayo raw ay magkasamang nagtungo sa malayo. Doon sa walang sinumang makagagambala. At ako ay hindi dapat na tumutol. Sadyang kayong dalawa ang magkabagay. Kahit sino ay gayon ang sasabihin.

Ilang buwan ang matuling lumipas. Ang aking pag-asang ikaw ay liliham ay nauwi sa pagkabigo. Himatong man ng iyong kinaroroonan ay wala akong tinanggap. Ipinalagay kong lubos ka nang nakalimot. Naisaloob kong nagtatamasa ka ng kaluwalhatian sa kanyang piling. Maligayang-maligaya ka. At, ang pag-asang magkikita pa tayong muli ay unti-unti nang naparam.

Nguni't isang araw, sa pagtunghay ko sa isang pang-umagang pahayagan ay napansin ko ang kanyang larawan. Iba ang kanyang kasama sa pagtitipong dinaluhan. Hindi ikaw. Hinanap ko ang iyong pangalan sa talaan ng mga dumalong panauhin. Wala! Hindi ka niya kasama. Bakit?

Hindi nagtagal ay isang liham ang aking tinanggap. Sa mga titik sa labas ng sobre ay natalos ko agad na yaon ay buhat sa iyo. Dali-dali ko yaong binuksan. Gayon na lamang ang kaba ng aking dibdib.

At ako ay hindi nagkamali. Tama ang kutob ng aking loob. Ikaw ay may karamdaman. — isang karamdamang nakahahawa, pinangingilagan ng marami. Humihingi ka sa akin ng tawad at lubos na nagsisisi. Muling napahahabag at napaaawa. Oh, Ernesto! Labis mo akong pinasasakitan. Hindi. Hindi ka nagkakasala at walang dapat na ihingi ng tawad. Sapagka't... sapagka't gayon ang aking pag-ibig: mapagpaumanhin, mapagparaya. Kaya... halina, Ernesto. Magbalik ka sa akin. Daratnan mo akong bukas ang mga palad, at nakangiting ikaw'y hinihintay! (X)

## Maaliwalas Na...


(Karugtong ng nasa pabina 11)

na maialis sa kanyáng landas ang mapalád na binata. Nakayamba ang mapanganib na unos sa buháy nina Deyong at Nely. At iyon ay tuluyán nang babagsak sa ano máng oras kung hindi na maiiwasan ang pagkákágipitan ng dalawáng kapuwa may apoy na tagláy sa kanilláng dibdib. Hindi nasisindak si Deyong. Hindi siya natatakot makipagtuos sa mapagpalalong kabasangal. **(TATAPUSIN)**

LUBHANG NAKAPAGPAPALAMIG!

.... *kailanman*

.... *saanman*




10¢

Tamuhin ang *pananabik ng panlasa* sa pamamagitan ng
Royal Tru-Orange

Isinabotelya ng ROYAL SOFT DRINKS PLANT — Ari at pinamamahalaan ng
SAN MIGUEL BREWERY

# LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN

**ni D. R. IÑIGO**

Pinagtibay kamakailan ng Komisyon sa Seguridad at sa Pamilihan ang pagpapatala ng Security Bank and Trust Company, Inc., ang kaunaunahang bankong pangalakal na ipinatala sa komisyon sa kasalukuyang taon.

Ang banko ay pinahintulutang makapamuhunan ng P5,000,000, ang P3,500,000 nito ay halaga ng mga aksiyong naipagbili na at ang P1,780,000 ay nabayaran na.

Matangi sa isa, ang mga inkorporador ay para-parang Pilipino. Sila ay sina Mercedes balo ni Rufino, Vicente A. Rufino, Ernesto D. Rufino, Rafael Rufino, Nicanor Jacinto, Rosario P. ni Jacinto, Jesus P. Jacinto, Fernando Jacinto, Daniel R. Aguinaldo, Luis de Leon, Manuel de Leon, Pedro Vasquez, Pablo M. Silva at Jose M. Tuazon. Ang isa pang namumuhunan ay si Frank Lidell na isang Amerikano.

———oOo———

Sa taunang pulong ng Philippine Pharmaceutical Association na idinaos kamakailan sa Lunsod ng Dabaw, kaugnay ng pambansang kapulungan ng mga parmaseutikong Pilipino ay nahalal na mga kagawad ng lupong patnugutan sa kasalukuyang taon ang mga sumusunod:

Dr. Juan Rosales, pangulo; Dr. Mamerta Felizardo, pangalawang pangulo; Gng. Rosita Ja-Mesa, pangalawang pangulo ukol sa Kabisayaan; Gng. Belen Pascual-Babista, pangalawang pangulo ukol sa Mindanaw; Propesor Rafael Hizon, kalihim; Gng. Purificacion Sunico-Sauco, tagaingat-yaman; Servando de los Angeles, pinuno sa pakikisama sa madla at Emmanuel G. Alejo, Dr. Iluminado M. Cada, Emilio D. Espinosa, Apolonio Juat, Dr. Joaquin Maranon, Dekano Paulino M. Taningco, Dekano Patrocinio Valenzuela at Genoroso Velasquez, mga kagawad ng lupon.

———oOo———



Cornelio Balmaceda

Itinagubilin ni Kalihim Cornelio Balmaceda ng Kalakal sa Malakanyang na dagdagan ang halagang itinakda ukol sa arinang ginagamit sa mamon, sa arinang pinaunlad at sa ilang gamot.

Hindi ibinunyag ang idaragdag sa mahahalagang panindang ito, bagaman ipinaliwanag na pinag-ukulan ng kaukulang pagsasaalang-alang ang kapakanan ng mamimili at ng importador.

Bukod diyan, natalos na hiniling ng kagawaran ng kalakal sa kagawarang panlabas na lakarin sa Washington na huwag bawasan nang naaalinsunod sa kuota sa Pilipinas, gaya ng itinatakda sa kasunduan sa arina, ang 2,600 supot ng arinang naroroon ngayon sa Haway at nakatakdang ipadadala sa kapuluan.

———oOo———

Nabalam nang walang tiyak na panahon ang pagkatapos ng habihan ng kayo sa Narvacan ng National Development Company dahil sa kawalang ng kinakailangang kagamitan at ng pagkabalam ng pagpapatibay ng Price Stabilization Company sa mga lisensiya ng samahan.

Ang pagkatigil ng gawain sa Narvacan ay isang matinding dagok sa industriya ng kayo sa Pilipinas. Ang habihan ang siyang pinanghahawakan sa pagyari ng malaking bahagi ng mga kayo at ng mga sangkap na kailangan dito.


Ang mga pangunang kagamitan ng habihan ay sa magtatapos pa ng Hunyo darating buhat sa ibang bansa, dahil sa nabalam ang pagpapatibay ng PRISCO sa kahilingan sa pagangkat ng mga ito at hindi natapos ng mga talyer ng pamahalaan sa Pulong Inhenyero ang mga kagamitang kinakailangan sa kawalan ng sariwang sangkap.


Upang pag-ukulan ng pagtitiwala
Upang makatiyak ng pananalig
Upang makamit ang paniniwala...

*Lubos na Pagkaliñga . . .*

para sa inyong sarili
Para sa inyong mga kawani
Para sa lahat ng umaasa sa inyo...
o kaya'y sa inaasahan ninyo!

Sa Fidelity and Surety Bonds:
Firearm Bonds ● Contractors' Bonds
Performance Bonds ● Judicial Bonds



**The Philippine Guaranty Company, Inc.**


Capital-Fully Paid: P1,500,000 • Total Assets: P4,446,983.90

FIRE, MARINE, MOTOR CAR, MORTGAGE LOANS

MISCELLANEOUS INSURANCE, FIDELITY SURETY BONDS,

3RD FLOOR • INSULAR LIFE BUILDING • PLAZA CERVANTES • MANILA • PHONE 3-11-19

SANGAY NA TANGGAPAN SA SIUDAD NG SEBU O MGA AHENSIA SA BUONG PILIPINAS



Sa anyong iyan ni Celia Flor ay tila taimtim na tinatanggap ang mga pangungusap ng nagagalit na si Patsy Pachochay. Kung ano ang ikinagagalit ng huli ay siyang hindi mabatid. (Isang tagpo sa "YOLANDA" ng LVN na sinulat at pinamamahalaan ni Susana de Guzman.)



Sa pamamagitan ng angking lihim na karunungan ay nakahandang ipamalas ni Efren Reyes sa kaharap na ermitanyo ang pagkalagot ng kanyang mga tanikala sa bisa ng mga bulong at kumpas ng mga kamay. (Tagpo sa "VIRTUD" ng Premiere na pinamamahalaan ni Direktor Eduardo de Castro.)



Isang tagpong puno ng aksiyon sa "DUGO NG BATAAN" ng Zamboanga Pictures na pinamamahalaan ni Constancio T. Villamar. Itinatampok si Leopoldo Salcedo, sa tulong nina Mona Lisa at Fernando Royo. Ang pelikulang ito'y may salin sa ingles sa pamagat na "Blood and Salvation."



Sina Ben Perez at Elena Mayo, nagsisiganap ng mga pangunahing papel sa "ANG KAMAY NI HUGO" ng Royal Production na kasalukuyang itinatanghal sa Clover Theatre. Kasamang itinatampok sina Manuel Ubaldo, Zony Quizon at Leonora Ruiz. Sa pamamahala ni Mario David.






Ukol sa lubhang kailangang kasiglahan, "Mother's Tonic" ang tanging itinatagubilin. Nahihirang ng mga nagpapasusong mga ina at mga taong walang ganang kumain ang "Mother's Tonic" sapagkat ito'y buhat sa alak-kastilang yari sa tunay na ubas. Ito'y pinayaman sa Tiki-Tiki upang ipagsanggalang ang pinapasusong mga sanggol laban sa beri-beri. Ito'y tanging itinatagubilin para sa pangkalahatang panghihina ng katawan, walang ganang kumain, hapong isipan at katawan at maruming dugo.

**Metro Drug Corp.**
Pharmaceutical Chemists Since 1931
880-882 Abenida Rizal, Maynila, Pilipinas
*Mga Sangay:* Iloilo-Cebu-Davao-Legaspi

# Pinatawan Ng Mabibigat Na Parusa Ang Mga Politburong Napatunayang Nagkasala



Si Jose Lava (ikalawa buhat sa kaliwa), nakaesposas na kakabit ng isang ahente ng MIS, at sina Angel Baking at Simeon Rodriguez na kapuwa rin nakaesposas, nang magsidating sa Gusali ng Katarungan na siyang pinagdausan ng malaking paglilitis. Sa kanilang mga anyo ay parang di nababakas ang bahagya mang pangamba at pagkabahala sa "kapalarang" naghihintay sa kanila.

MINSAN PANG pinatunayán ng mga pangyayari na ang mga taong itinuturing na kaaway ng pamahalaan ay mahigpit na inuusig at pinarurusahan ng Batas. Sa ginawang paglilitis noong isang linggo sa 29 na taong umano'y mga kagawad ng politburo sa Pilipinas, ay nagpataw ang Hukuman ng pinakamabigat na parusang kamatayan sa anim na nangapatunayang gumawa ng mabibigat na pagkakasala, habang-buhay na pagkabilanggo sa siyam, at mahahabang panahong pagkapiit sa bilangguan sa iba pang nangapatunayang may ginampanang mga bahagi sa lihim na kilusan ng mga komunista upang ibagsak ang kasalukuyang pamahalaan. Ang nangahatulan ng kamatayan ay sina Ramon Espiritu, Salome Cruz, Federico B. Maclang, Cenon Bungay, Honofre Mangila at Magno Bueno. Ang mga pinarusahan ng habang-buhay na pagkabilanggo ay sina Jose Lava, Angel Baking, Federico M. Bautista, Cesario Torres, Marcos Medina, Arturo Baking, Simeon Rodriguez, Marciano de Leon Espiritu at Rosario C. Vda. de Santos.



Nang mga sandaling binabasa ni Hukom Oscar Costelo ang hatol ng Hukuman sa mga kagawad ng pulitburong inusig sa malulubhang paratang. Nangasa unahan ang ilan sa mga nagtanggol sa mga inusig: sina Antonio Barredo, J. Antonio Araneta at Baltazar Villanueva. Nangakatayo sa likuran, dakong gitna, ang ilan sa mga pinatawan ng mabibigat na parusa na sina Jose Lava, Salome Cruz, Ramon Espiritu, at Federico Bautista. Nasa kanan ni Lava ang kanyang maybahay na si Gng. Amparo Pargas- Lava.



Ang bahagi ng makapal na taong sumaksi sa makasaysayang paglilitis, na nagsisipaghintay sa labas ng Hukuman sa pagdating ng mga inusig na politburo.




## Walang Kasalanan

(Karugtong ng nasa pah. 12)

a makahulugang pangungusap g nasasakdal. Nag-ibayo ang anilang pananabik na mabatid ng hiwaga ng pagkamatay ng agandang si Nilda.

—Sapagkat ano?—ang tanong gad ng piskal. —Huwag kang natakot, sabihin mo ang buong atotohanan.

—Sapagkat si Brunilda Kanansing Camarin ay kapatid ko, Ginoong Hukom... —ang kanyang wika. Pagkasabi noon, napaupo ang kulang-palad at pinahid ang mahalumigmig na pawis sa kanyang noo.

—Anooo? —napatindig si Don Justo nang pasigaw na magtanong. Bagaman nalalaman niyang wala siyang karapatang mangusap sa harap ng idinaraos na paglilitis. —Kapatid mo Nilda? Hindi maaari! —ang nariing ulit ng matandang nakasuntok ang dalawang kamay.

—Isang malaking kalapastanganan, ginoong Hukom, na sabihin ng kriminal na kapatid iya ang aking asawa?

—Bakit kayo naging magkaatid? —sa wakas ay naitanong g Hukom.

—Ikinalulungkot kong ipagapat sa inyo, na ako ay anak a 'labas'... —ang sagot ni Luis. —Magkaiba ang aming Ina, ngunit iisa ang aming Ama.

—Bakit hindi Kamansing ang ala mong apelyido? —ang taong ng piskal.

—Ang dala ko pong apelyido y ang sa aking Ina.

—Anong katunayan ang maiakikita mo sa Hukuman upang napaniwalaang kapatid mo ang ımaong si Brunilda Kamanng Camarin?

Kinalag ni Luis ang maiksing uwintas na suut sa leeg. Hinaakan ang "locket" at ito ay binuksan. Pagkatapos, lumapit a Hukom at inilahad ang dalawang larawang nasa magkailang panig ng "locket."

—Narito po, Kagalang-galang a Hukom, ang larawan ng aking ama at ina, —ang nagmanalaki niyang turing.

Pinagmasdan naman ng Hukom, ng piskal at ng kanyang nanananggol ang nasabing locket". Silang tatlo'y matagal a sandaling nagkatitigang paang nagsasanggunian. Pagkaaan ng ilang sandali, ang pisal at ang manananggol ay nagkasunod nang lumayo sa upuan ng Hukom.

—Hindi sapat ang mga larawang ito, upang maniwala ang Hukumang ikaw nga ay kapatid ng yumao, —anang piskal.

Ipinasok ni Luis ang isang amay sa bulsang nasa likuran g pantalon at nang ilabas, hawak na niya ang isang sulat

—Narito po ang isa, —magaang niyang turing, saka iniyaot ang nasabing liham sa pisal na tagausig.

Ang nasabing liham ay dinala ng piskal at iniyabot sa Hukom. Nagkakadikit halos ang kanilang ulo nang tunghayan nilang magkasabay.

"Luis..." ang nasasabi sa liham, "hindi na tayo maaaring mag-usap sa ibang pook sapagkat nagiging kahinahinala sa mata ng mga nakakakita sa atin. Ang mabuti ay magsadya ka na rito sa amin at dito na tayo mag-usap. Dito mo na kunin ang mga kailangan mo at sa hinabahaba ng mga araw ay baka maipakilala kita sa aking asawa. Hindi maaaring magpatuloy ang lihim na iyan ng ating buhay. Sasabihin ko sa kanya ang totoo. Ikaw ay kapatid ko sa Ama, at bago namatay ang tatay, ipinagbilin sa aking huwag kitang pababayaan. Ang nagmamahal mong kapatid.—Nilda."

—Don Justo... —nang manaog ang piskal ay magalang na tinawag ang mamatamatang mayaman. —kilalanin nga ninyo, kung ito ay titik ng inyong asawa? •

Pinapawisan ng malamig ang buong katawan ni Don Justo samantalang tinutunghayan ang sulat na iniyabot ng piskal. Hindi niya maililihim sa mapanuring paningin ng madlang sa kanya'y nakatanaw, na ang

(Buklatin sa pahina 19)

Ang Serbesa San Miguel ay Ukol sa . . .

*Tamasahin Ninyo!*

Kailanpama't kayo'y kumakain... maging sa tahanan o sa inyong kinagigiliwang restauran.. tiyaking isama ang SAN MIGUEL PALE PILSEN... tunay na ito'y nauukol.




San Miguel Pale Pilsen

FULLY AGED...TRULY GREAT!

*Ang animnapung taon ng karanasan sa paggawa ay siyang nananagutan sa di mapantayan uri ng tunay na dakilang serbesang ito.*

NIYARI AT ISINABOTELYA NG San Miguel Brewery

# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**

1. Dilim
5. Daan ng lapis
10. Diin
14. Bahagi ng daigdig
15. Orasang tiyak
16. Prutas na baging
17. Tuga
18. Disinpekta
19. Laboy
20. Kundangan
21. Kom·kera sa radyo at peli-kula
23. Bote (huling pantig)
24. .Aruy (daing)
26. Sukat patayo (huling pan-tig)
27. Mga gamot
29. Panagpi
32. Lakas sa dagat
33. Tanda sa balat (huling pantig)
34. Sasakyang-tubig na pang-kargamento (pantitik)
36. Tulad
37. Higit (huling pantig)
40. Matalas na damo
43. Akma sa nilapatan (huling pantig)
44. Halamnang sagana sa Bitamina D
46. ...as sa aynga (huling pantig)
47. ...gto (huling pantig)
49. L..ablab
51. L..yuan
55. Ibalat
57. ..witik (huling pantig)
58. Si "Roberta"
59. Sa..tang griyego (huling pantig)
60. ..kuin sa sa..a
6.. ..ng sinaing
6.. ..ghing ng baka
66. ..
67. ..ng tubig
68. Saluk
69. Hindi ko alam
70. Libang
71. Katagang pamanggil sa marami
72. Sakang
73. Pusali

**PABABA**

1. Isama sa sulat
2. Taniman
3. Isama
4. Kolektor ng aduwana sa Iloilo
5. Bantayan
6. Lumagapak
7. Batang manunubos
8. Pangalang mangyan
9. Dalos ng satsat
10. Tagay na may himis (isang hati)
11. Ihagis
12. Hulihan ng isda
13. Ipatong
22. Langhapin (huling pantig)
25. Sulsol
28. Panlapi
30. Produkto sa alkohol
31. Huwag maingay (tunog)
34. Liwanag (kinaltas ang unang titik)
35. Gibik
37. Gapusing patalikod-kamay
38. Ititindang isa-isa
39. Waldasin
41. Pangalang intsik
42. Konsehal ng Kalookan
45. Patalim (huling pantig)
48. Balakid
50. Palayaw na amerikano
51. Palapagan sa Bagyo
52. Nawaglit
53. Inalis na balbas
54. Napahamak
56. Singit
57. Pangit sa tingin
61. Kaluwagang pansarili
62. Katagang panlunan
65. Sulalas

• ..NGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO



**TEOTICO CLINIC**

URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES

7-9 A.M. / 2-4 P.M. — No. 2 Tanduay Quiapo

10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta


## Sagot sa Nakaraan








## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Mayo 6

1. Rogelio J. Mendoza — Sta. Maria, Bulakan
2. Milagros Y. Cortez — 253 Masilang, Guadalupe, Makati, Rizal
3. Paquito G. Aguinaldo — 3524, Int. Taft Ave., Pasay City
4. Bb. Socorro T. Maderal — c/o Cine Metro Candelaria, Quezon
5. Cristino de Jesus — Angat, Bulakan

Magsisitanggap sila ng ikalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng *PALAISIPAN* ay hindi pahahalagahan. • Ang mga nanalo na sa *PALAISIPAN* na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat ng malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)

## Walang Kasalanan

(Karugtong ng nasa pah. 17)

anyo niyang parang nasisindak at nagugulumihanan, ay sakling totoo ngang yaon ay sinulat ng hubog-kandilang mga daliri ng yumao niyang kabiyak ng dibdib.

—Sulat nga ba iyan ng inyong asawa, Don Justo? —ang tanong ng piskal.

—Opo, sulat nga ito ni Nilda... —paos na ang tinig ni Don Justo nang sumagot sa piskal, —ngunit... hindi ko akalain!

Pagkaraan ng mahabang pagsasanggunian ng piskal at Hukom, narinig na lamang ng lahat ang malakas na tinig ng eskribano nang basahin ang maiksing sulat na hawak sa kanay.

—Walang kasalanan, ang nasasakdal.

—Marami pong salamat sa inyo... —nakangiting nasabi ni Luis, saka yumukod sa harap ng Hukom, ng piskal at ng manananggol na ipinagkaloob sa kanya ng pamahalaan. —ngunit hindi po ako makapapayag na di-maparusahan ang taong kumitil sa buhay ng aking kapatid!

—Mayroon ka bang pinaghihinalaang tao, na maaaring pumatay sa iyong kapatid? —ang tanong agad ng Hukom.

—Maaari pong ang kanya na ring asawang si Don Justo E. Camarin, dahil sa paghihinala niyang ako ay kaagulo ng maganda niyang asawa. —ang sagot ni Luis. —Ang totoo po, Ginoong Hukom, buhay ang aking kapatid nang manaog ako sa kanilang hagdanan, noong ika-siyam at kalahati sa umaga.

Ang lahat ng paningin ay napako sa kaibang anyo ni Don Justo. Nang mahalata ng matandang mayaman na sa kanya nakatudla ang paningin ng lahat, nagtindig siya at...

**—Ako nga ang pumatay sa aking asawa... —ang malakas niyang turing samantalang ang isang palad ay inihahaplos sa noong pawisan, —dahil sa paniwala kong pinaglalaruan niya ang mapuputing uban ng aking ulo!**

**Naging parang putok ng bomba ang sinabing iyon ni Don Justo, kaya ang lahat ay nangagulat.**

**—Ako... ako nga ang pumatay... —ang ulit na pasigaw ngunit nilalabnot na ang mapuputing buhok at dumadaloy ang luha sa mga matang nanlalalim at namumula. —Ha... haa... haaaa! Ako.. ako ang pumatayyyy!**

Nabuwal si Don Justo sa pagkakatayo at sa hindi oras ay nagkagulo ang mga tao sa bulwagane litisan, ngunit naligtas sa bibitayan ang isang taong **walang kasalanan. (X)**




# *Ang bagong kagandahan ay inyong maaangkin!*

**Tuklasin ang isang higit na malambot at makinis na kutis sa inyong unang Pastilya ng Camay!**



**Ani Fe Claudio:**
**"Kagandahan ang iginigiit ng mga Kameraman. Natuklasan kong ito'y madali . . . salamat sa aking kutis-Camay!"**

*Sa Inyong Unang Pastilya Ng Camay* — kayo man ay makatitiyak sa kagandahan... sa pamamagitan ng higit na kaibig-ibig na kutis Camay. At kasiya-siya rin namang ang kadalian ng pagtatamo nito sa tulong ng mabangong tulad ng bulaklak na bula ng Camay. Kayat huwag magatubili. Subukin ang Camay ngayon.






*Camay pa rin sa inyong paliligo!* Paggamit ng Camay sa paliligo, masdan kung gaano katagal kayo binabalot ng nakabibighaning halimuyak na naka-aakit sa kalalakihan.

## ANG SABON NG KAGANDAHAN

Kasuutan — Kay Aurelia; Alahas — kay Heacock's. Si Fe Claudio ng Filipinas Pictures, hilal na pinaka-tanyag na mang-aawit ng taon.